Republic of the Philippines
Department of Education
REGION X – NORTHERN MINDANAO
SCHOOLS DIVISION OF EL SALVADOR CITY

**Tanggapan ng Pansangay**
**na Tagapamanihala ng mga Paaralan**

PANDIBISYONG ADBAYSORI
Blg. 024, s. 2023
Pebrero 8, 2023

Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order No. 8, s. 2013,
ang adbaysoring ito ay hindi pag-eendorso.
Ayon naman sa DO No. 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal at kawani
ng Kagawaran ng Edukasyon at ng mga mamamamayan.
(bisitahin ang https://*depedelsalvadorcity.net*)

## KWF ONLAYN DAP-ÁYAN SA SALIKSIK AT KULTURANG PILIPINO

Ayon sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), magsisimula na sa Pebrero 24, 2023 ang Onlayn Dap-áyan sa mga Babasahin sa Salikisik at Kulturang Pilipino.

Ang mga tuntunin at ibang detalye sa nasabing gawain ay kalakip sa Adbaysoring ito.

Dahil ang paglahok sa gawaing ito ay boluntaryo lamang, makabubuting sundin ang DepEd Order No 9, s. 2005 na pinamagatang *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance therewith, Republic Act No. 5546 (Section 3 – Policy on Contributions), at DepEd Order No. 66, s. 2017 (Policy on Off-Campus Activities).*

Hinihiling ang mabilisan at malawakang pagpapalaganap ng Adbaysoring ito.

ATCH: Gaya ng nakasaad

To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects:

KWF    Gawain

**CID/gcel**

Address: Zone 3, Poblacion, El Salvador City |Tel. No. (088) 555-0475
Website: www.depedelsalvadorcity.net |Email: elsavador.city@deped.gov.ph

**KWF Onlayn Dap-áyan, magsisimula na ngayong Pebrero 2023 tampok ang mga salawikain**

Magsisimula na sa 24 Pebrero 2023 ang Onlayn Dap-áyan sa mga Babasahín sa Saliksik at Kulturang Pilipino ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) tampok ang mga salawikain.

Ang proyektong ito ay serye ng mga pagbása at talakayan sa iba't ibang panitikang-bayan ng bansa kabilang ang salawikain, bugtong, alamat, awiting-bayan, at epiko.

Kumukuha ito ng inspirasyon sa dap-áyan ng mga taga-Kordilyera na may kinalaman sa mga ritwal at paraan upang malutas ang mga isyu ng komunidad.

Sa bawat sesyon, magbibigay ang KWF ng babasahín at gabay sa pagbása ng mga panitikang-bayan para sa isasagawang talakayan sa onlayn na platform.

Bukás na ang pagpapatalâ para sa unang sesyon tampok ang salawikain sa 24 Pebrero 2023. May hiwalay na pagpapatalâ para sa iba pang sesyon: 28 Abril (bugtong), 28 Hunyo (alamat), 31 Agosto (awiting-bayan), at 27 Oktubre (epiko).

Libre at bukás ito sa sinumang interesado. Kinakailangan lámang magpatalâ sa link na ito: https://forms.gle/idhnj7N4rrikkpcN6. Pipili ang KWF ng 30 kalahok na pagkakalooban ng sertipiko ng partisipasyon. Magbibigay rin ng mga aklat ng KWF Publikasyon sa piling mga kalahok.

Para sa mga detalye, maaaring magpadala ng email kay Roy Rene S. Cagalingan sa rrcagalingan@kwf.gov.ph.

Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION X – NORTHERN MINDANAO
**SCHOOLS DIVISION OF EL SALVADOR CITY**




Address: Zone 3, Poblacion, El Salvador City | Tel. No. (088) 555-0475
Website: www.depedelsalvadorcity.net | Email: elsavador.city@deped.gov.ph